

INTERNATIONAL NAPASA (September 24th, 2024)

1) SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa September 28 (Saturday) ay may schedule ng laro ang **SHONAN BELLMARE** laban sa **KASHIMA ANTLERS**. Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 7:00 ng gabi. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa mga matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500**.

2) INPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

魚直売会のお知らせ

Sa September 21 (Saturday) mula 10:00 ng umaga ay magkakaroon ng direktang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Magbebenta ng mga daing at sariwang isda at ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa **FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)** ng Hiratsuka City. Telephone Number **0463-21-0146 (0463-21-0146)**.

3) INPORMASYON UKOL SA TEATRO FESTIVAL NG MAMAMAYAN

市民演劇フェスティバルのお知らせ

Sa September 28 (Saturday) at September 29 (Sunday) ay magkakaroon ng **“TEATRO FESTIVAL NG MAMAMAYAN”** sa Central Citizen’s Hall ng Hiratsuka City. Makikita sa Home Page ng **TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)**, ang oras, grupong magpapalabas, pamagat at ibapa. Ang entrance fee ay nagkakahalaga ng **¥ 500** at ito ay mabibili rin sa Home page ng nasabing foundation. Maaari ring magpareserba sa **TOWN PLANNING FOUNDATION**. Telephone Number **0463-32-2237 (0463-32-2237)**.

4) UKOL HULING PALUGIT SA PAGBABAYAD NG TAX SA HIRATSUKA CITY

平塚市の納税課より税金の納付期限のお知らせ

Sa September 30 (Monday) ang ikatlong bahagi ng bayarin ng **PROPERTY TAX**. Ipinapaalalang bayaran bago matapos ang petsang itinakda at kung hindi makakabayad bago matapos ang itinakdang palugit ay humingi ng payo sa **TAX PAYMENT DIVISION (NOUZEIKA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-8769 (0463-21-8769)**.

5) PAGPAPAALAM UKOL SA INTERNATIONAL EXCHANGE FESTIVAL

国際交流フェスティバルのお知らせ

Sa October 27 (Sunday) ay magkakaroon ng **INTERNATIONAL EXCHANGE FESTIVAL (KOKUSAI KORYU FESTIVAL)** sa paligid ng outdoor stage sa Central Park (**SOGO KOEN**) ng Hiratsuka City. Ang oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang 3:00 ng hapon. Mayroong mga palabas na Yosakoi, Samba, Egyptian Dance, Japanese Traditional Dance, Tanabata Drum at iba pa sa

outdoor stage ng nasabing lugar. Mayroon ding stage performance para sa pagpapakilala ng mga kultura. At pati na rin booth ng mga tindihan ng mga pagkain ng iba't-ibang mga bansa tulad ng Singapore, Indonesia, Turko, Egypt, Tansania, Peru, Philippine at Taiwan. Ang MC sa mga stage performance ay mga volunteer na estudyante at mayroon ding mga nakahandang interpreter sa nasabing pagdiriwang. Mayroon ding mga magsusuportang mga guide na marunong mag-Ingles sa nasabing pagdiriwang. Walang bayad ang pagdalo dito at hindi rin kakailanganin ang pagpapareserba. Kung kaya't amin kayong inaanyayahan na dumalo sa nasabing pagdiriwang. Kung mayroong katanungan ukol sa bagay na ito ay makipag-alam sa **CULTURAL EXCHANGE DIVISION (BUNKA KOURYU KA)** ng Hiratsuka City. Telephone Number **0463-25-25-20 (0463-25-2520)**.